Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Establisyemento ng Gym at Fitness: Apendiks L

Epektibo mula Biyernes, Hunyo 12, 2020

Kamakailang mga update: (Ang mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

8/11/2020: Ang pantakip ng mukha ay hindi kailangan habang nakikibahagi sa mga panlabas na aktibidad na nangangailangan ng mabigat na pagpipilit ng katawan, ngunit nangangailangan ng hindi bababa sa 8 talampakan na distansya mula sa ibang mga tao habang ginagawa ang mga aktibidad na ito. Nagdagdag rin ng paglilinaw sa mga benepisyo ng kompensasyon ng manggagawa.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay ipinagtitibay ang isang niyugtuang pamamaraan, suportado ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, upang payagan ang ilang mga establisyemento ng gym at fitness na muling makapagbukas nang ligtas. Ang mga kinakailangan na nasa ibaba ay partikular sa mga establisyemento ng gym at fitness na pinahintulutan na maging bukas sa pamamagitan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan. Dagdag pa sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa partikular na mga negosyo na ito, ang mga uri ng negosyong ito ay dapat ring sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa Checklist na ito para sa mga establisyemento ng Gym at Fitness.

Tandaan na hanggang sa karagdagang abiso, ang lahat ng mga operasyon ng establisyemento ng gym at fitness ay dapat na isagawa sa labas. Ang mga panlabas na operasyon ay maaaring isagawa sa ilalim ng isang kulandong (canopy), o iba pang pangsilong sa araw ngunit dapat ang mga gilid ay hindi sarado at may sapat na panlabas na galaw ng hangin. Ang mga panlabas na palanguyan (outdoor pools) ay maaaring manatiling bukas. Mapaalalahanan na ang lahat ng mga empleyado at tagapagtangkilik ay dapat na magsuot ng isang pantakip ng mukha sa lahat ng oras maliban sa mga panlabas na aktibidad na nangangailangan ng mabigat na pagpipilit ng katawan. Ang mga aktibidad na ito ay nangangailangan ng hindi bababa sa 8 talampakan na pagdistansya mula sa ibang mga tao.

Mangyaring tandaan: Maaaring i-update ang dokumentong ito habang may magagamit na karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan kung kaya't regular na tingnan ang website ng La County http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang mga update sa dokumentong ito

Ang checklist na ito ay sinasaklaw ang:

(1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado
(2) Mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya
(3) Mga hakbang para masiguro ang kontrol ng impeksyon
(4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
(5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga negosyo na sakop ng patnubay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.

Pangalan ng Negosyo: _____

Address ng Pasilidad: _____

Pinakamaraming Okupante, kada Fire Code: _____

Tinatayang kabuuan sa talampakang kuwadrado ng espayo na bukas sa publiko: _____

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- ❑ Ang lahat ng tao na kayang gawin sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- ❑ Ang mga bulnerableng kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay tatalagahan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay hangga't maaari, at dapat na talakayin ang anumang mga pagkabahala sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o mga serbisyo sa katungkulang pangkalusugan upang makagawa ng mga wastong desisyon sa pagbalik sa lugar ng trabaho.
- ❑ Ang mga proseso sa trabaho ay inirekompigura hangga't maaari para madagdagan ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay.
- ❑ Salit-salitan, halinhinan o shift na mga iskedyul ay pinasimulan para mapakinabangan ang pisikal na pagdistansya
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng DPH para sa sariling pagbubukod at pag-quarantine, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
    - Impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng Families First Coronavirus Response Act at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagiging may kaugnayan sa trabaho ng mga pagkakalantad sa COVID-19 na naganap sa pagitan ng Marso 19 at Hulyo 5 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.
- ❑ Kung naipaalam na isa o higit pang mga empleyado ay positibo o may sintomas na katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan agarang pag-quarantine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho (workplace). Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang

protokol para sa lahat ng mga empleyado na na-quarantine na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.

- ❑ Ang mga pagsusuri sa empleyado ay maaaring isagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang empleyado ay nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa isang tao na nahawaan ng COVID-19 sa huling 14 na araw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- ❑ Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip ng mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang paraan balbula ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip ng mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha (face covering).
- ❑ Ang lahat ng mga estasyon sa trabaho ay pinaghihiwalay ng hindi bababa sa anim na talampakan.
- ❑ Ang mga silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms), mga banyo (restrooms) at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay madalas na dinidisimpekta, sa sumusunod na iskedyul:
  - Mga silid sa panandaliang pamamahinga _____
  - Mga Banyo _____
  - Iba pa _____
- ❑ Ang mga panandaliang pamamahinga ay halinhinan para masiguro na ang anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga empleyado ay napapanatili sa mga silid ng panandaliang pamamahinga sa lahat ng oras.
- ❑ Siguruhin na ang mga panandalian o nakakontratang manggagawa sa pasilidad ay sinanay din nang wasto sa mga patakaran sa pagpigil ng COVID-19 at may sapat na kailangangang mga gamit at PPE. Talakayin nang maaga ang mga responsibilidad na ito sa mga organisasyon na nagbibigay ng mga panandalian at/o nakakontratang manggagawa.
- ❑ Ang mga pantakip sa mukha ay inaatas kapag ang mga empleyado ay nasa mga nasasakupang lugar ng ibang tao. Dapat na may mga pantakip sa mukha ang mga manggagawa na magagamit at suotin ang mga ito sa pasilidad ng fitness, sa mga opisina, o sa mga sasakyang pag-aari ng kumpanya kapag naglalakbay kasama ang ibang mga tao. Ang pantakip sa mukha ay partikular na mahalaga kung ang

pisikal na pagdistansya ay hindi mapapanatili sa trabaho (halimbawa, ang mga personal na tagasanay at kawani ay tinutulungan ang mga miyembro sa mga ehersisyo). Ang mga pantakip sa mukha ay hindi puwedeng napagsasaluhan. Ang mga amo o employer ay inaatas na magkaloob ng mga pantakip sa mukha sa lahat ng mga empleyado.

- ❑ Para masiguro na ang mga maskara ay patuloy at tamang isinusuot, ang mga empleyado ay hindi hinihikayat na kumain at uminom maliban sa kanilang mga panandaliang pamamahinga kung kailan ay magagawa nilang tanggalin ang kanilang mga maskara at pisikal na makapagdistansya mula sa ibang tao.
- ❑ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  _____

- ❑ Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  _____

- ❑ Ang mga empleyado ay pinapayagan sa madalas na panandaliang pahinga para hugasan ang kanilang mga kamay.
- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- ❑ Ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang mga sariling kasangkapan (tools), kagamitan at tukoy na espasyo ng trabaho. Ang pagsasalo-salo ng mga nahahawakang bagay ay nababawasan o natanggal na.
- ❑ Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa checklist na ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng pagdedeliber (delivery staff) at anumang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- ❑ Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

  _____

B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- ❑ Ang lahat ng mga operasyon ng establisyemento ng gym at fitness na iniaalok sa publiko ay isinasagawa sa labas. Ang mga panlabas na operasyon ay maaaring isagawa sa ilalim ng isang kulandong (canopy), o iba pang pangsilong sa araw, hangga't ang mga gilid ng kulandong o pangsilong sa araw ay hindi sarado at may sapat na panlabas na galaw ng hangin sa loob ng espasyo. Ang pag-okupa ng mga panlabas na espasyo ay limitado sa 50% o sa sadyang antas na nagpapagana sa lahat ng mga empleyado at tagapagtangkilik na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang pisikal na pagdistansya sa lahat ng oras.
  - Ang mga empleyado ay maaaring patuloy na iakses ang mga panloob na lugar ng establisyemento ng gym/fitness para gamitin ang banyo o sandaling magpahinga, para magsagawa ng mga kinakailangang operasyon ng opisina at para ikilos ang mga suplay at materyales papasok at palabas ng gusali bawat araw. Ang mga tagapagtangkilik ay hindi maaaring pumasok sa establisyemento ng gym/fitness anumang oras o sa anumang dahilan.
- ❑ Kung posible, magpatupad ng isang sistema ng reserbasyon para sa mga tagapagtangkilik upang makapagreserba ng oras sa panlabas na espasyo ng fitness nang sa gayon ay mapangasiwaan ng pasilidad ang pag-okupa. Gamitin ang isang sistema ng reserbasyon para kontakin ang mga tagapagtangkilik 24 na oras bago ang kanilang nakaiskedyul na pagdating para kumpirmahin ang kanilang reserbasyon at tanungin kung sila o isang tao sa kanilang sambahayan ang nagpapakita ng anumang mga sintomas ng COVID-19. Kung ang tagapagtangkilik ay sasagot ng oo, ang tagapagtangkilik ay dapat na paalalahanan na dapat lamang nilang gamitin ang pasilidad ng fitness

kung sila ay walang sakit. Ang nasabing komunikasyon ay maaaring gawin sa pamamagitan ng app, email, o text, kung posible.

- ❑ Iwasan na pumila ang mga tagapagtangkilik sa labas ng pasilidad at isaalang-alang na magkaroon ng isang kawaning tao sa pasukan ng panlabas na espasyo ng fitness para tumulong na panatilihin ang mga antas sa pag-okupa.
- ❑ Ang lahat ng mga tagapagtangkilik ay inaatasan na magsuot ng mga pantakip ng mukha kapag sila ay nasa panlabas na espasyo ng fitness. Ang tangi lamang eksepsyon ay kapag ang mga tagapagtangkilik ay maaaring lumalangoy sa isang panlabas na palanguyan o kapag sila ay nakikibahagi sa mga aktibidad na nangangailangan ng mabigat na pagpipilit ng katawan (Ang mga aktibidad na ito sa pagpipilit ng sarili ay mangangailangan ng pinakamababa na 8 talampakan ng pagdistansya mula sa ibang mga tao). Ito ay nalalapat sa lahat ng mga adulto at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip ng mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip ng mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- ❑ Ang pag-okupa sa gym ay limitado sa 50% o mas mababa pa. Yon lamang na mga tagapagtangkilik na aktuwal na nag-eehersisyo ang dapat na nasa panlabas na pasilidad. Ang mga tagapagtangkilik na naghihintay ng kanilang oras ng reserbasyon ay dapat na maghintay sa kanilang mga sasakyan.
- ❑ Ang mga klase sa grupong pagsasanay gaya ng aerobics, yoga at sayaw ay dapat na ganapin sa labas at dapat na mabago para limitahan ang sukat ng klase para masiguro ang isang pinakamaikling 6 na talampakan na pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga tagapagtangkilik.
    - Ang mga klase sa grupong pag-eehersisyo ay dapat lamang ialok kung ang mga kinakailangan sa pagdistansya ay maaaring mapanatili at walang tao-sa-taong pisikal na kontak.
    - Para sa aktibong mga klase ng aerobic gaya ng mga aerobic, spin o pagpapakondisyon o mga makinarya tulad ng elliptical, tread o mga makina ng hagdanan, isaalang-alang ang paglalagay sa mga individual at kagamitan na may hindi bababa na 8 talampakan man lamang ang agwat kaysa sa 6 na talampakan.
- ❑ Ang mga programa na may mataas na kontak na nangangailangan ng malapitang kontak na mas mababa sa anim na talampakan ay dapat na suspendihin. Kabibilangan ito ng mga aktibidad tulad ng mga kaganapan sa pang-grupong laro, organisadong mga intermural na aktibidad, pick-up basketball, o mga organisadong karera.
- ❑ Ang mga panlabas na pang-laro na court ay maaaring gamitin para sa indibidwal na pagsasanay o para sa mga aktibidad kung saan ang 6 na talampakang pisikal na pagdistansya ay maaaring mapanatili sa kabuuan ng aktibidad. Kapag ang mga tao ay naghihintay na gamitin ang court, isang limitasyon sa pinakasagad na oras sa paggamit sa court ng bawat kalahok ay dapat na ipatupad. Ang mga kalahok na naghihintay ay dapat na magsanay ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga klase sa yoga na ginaganap sa mga temperatura na higit 100 degrees ay dapat na hindi hikayatin.
- ❑ Ang mga personal na tagapagsanay o trainers ay pinahihintulutan kung sila ay magpapanatili ng anim na talampakang distansya mula sa kliyente at magsuot ng pantakip sa mukha. Dapat na magsuot ang mga tagapagtangkilik ng pantakip ng mukha habang tumatanggap ng tagubilin at dapat na balaan na gumawa lamang ng mga ehersisyo hanggang sa sila ay makakahinga nang komportable habang may suot na isang pantakip ng mukha sa kanilang parehong ilong at bibig sa lahat ng oras.
- ❑ Ang kagamitan ay inililipat sa labas kung ito ay ligtas na magagamit sa labas, at minarkahan para siguruhin na ang mga kliyente ay makapagpapanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa ibang tao. Ang teyp o iba pang marka ay tumutulong sa mga kostumer sa pagpapanatili ng 6 na talampakang distansya sa pagitan nila at ng ibang tao sa anumang pila. Ang isang marka ay tinutukoy ang parehong panimulang lugar para sa mga kostumer na dumarating sa pila at ang 6 na talampakang pagitan para sa mga susunod

na kostumer na papasok sa pila.

- ❑ Gumamit ng "isang daanan" na pattern sa paglalakad sa kabuuan ng pasilidad ng fitness na may nakikitang mga hudyat at palatandaan.
- ❑ Lagyan ng agwat ang lahat ng kagamitan at mga makinarya nang hindi bababa sa anim na talampakan ang layo o alisin ang ilan sa kanila sa serbisyo upang matamo ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang distansya mula sa mga kostumer at sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng panlabas na espasyo ng gym. Ang mga empleyado ay maaaring panandaliang lumapit kapag kinakailangan upang tumanggap ng bayad, maghatid ng mga kalakal o serbisyo, o kung kinakailangan.
- ❑ Ang mga serbisyo ng spa ay hindi pinapayagan.
- ❑ Isaalang-alang ang pagsuspinde sa mga hindi kahalagahang aktibidad, kabilang ang mga operasyon ng tingi, pangangalagang pambata, at serbisyo ng pagkain. Kung ang mga pasilidad ng fitness ay nagpapatakbo ng mga nasabing amenities, dapat nilang suriin at sundin ang naaangkop na mga protokol sa pampublikong kalusugan ng county na nakapaskil para sa mga aktibidad na ito
- ❑ Ang mga pasilidad ng palanguyan sa loob ng gym ay dapat na sumunod sa mga nakapaskil na protokol ng county para sa mga pampublikong palanguyan at maaaring patuloy na mag-operate kung sila ay matatagpuan lamang sa labas.

C. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Ang HVAC system ay nasa mabuti, gumaganang ayos; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, na ang bentilasyon ay nadagdagan. Isaalang-alang ang pagkakabit ng napakahusay na mga paglinis ng hangin, pag-upgrade sa mga panala ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hangin mula sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa síntomas ay isinasagawa bago ang mga tagapagtangkilik (patrons) ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
- ❑ Ang mga sistema sa pagbabayad at pagcheck-in na walang kontak ay naisaayos na, o kung hindi ito maaari, ang mga sistema ay regular na sina-sanitize. Ilarawan:

_____

- ❑ Magsagawa ng masinsinang paglilinis nang buong araw sa mga lugar na maraming tao sa gusali ng establisyemento ng gym o fitness na maaaring gamitin ng mga empleyado, tulad ng mga silid sa panandaliang pamamahinga at mga lugar sa pagpasok at paglabas kabilang ang mga hagdan, hagdanan, eskaleytor, hawakan, at mga kontrol ng elebeytor.
- ❑ Disimpektahin nang madalas ang mga karaniwang ginagamit na pang-ibabaw, kabilang ang mga makinarya at kagamitan sa personal na pag-eehersisyo, mga hawakan ng pinto, at mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay.
- ❑ Atasan ang mga tagapagtangkilik na disimpektahin ang kagamitan sa indibidwal na pag-eehersisyo, mga sapin, at mga makinarya bago at pagkatapos ng paggamit gamit ang ibinigay na pandisimpektang pamunas. Siguruhin na ang mga nakahilera, hindi hinahawakan na basurahan ay magagamit sa buong pasilidad ng fitness para tapunan ng mga ginamit na pamunas.
    - Kung ang mga miyembro ay hindi nagagawa o ayaw na magpunas/magdisimpekta ng kagamitan pagkatapos ng ehersisyo, magkaloob sa mga miyembro ng mga tag na nagsasabing "handa nang

linisin" na kanilang ilalagay sa kagamitan pagkatapos gamitin, para masiguro na ang kagamitan ay didisimpektahin ng kawani bago ang susunod na paggamit.

- ❑ Siguruhin na ang lahat ng manggagawa ay sinanay para gamitin at magkaroon ng sapat na gamit ng panlahatang panglinis at pandisimpekta, kapag kailangan. Sundin ang mga kinakailangan ng Cal/OSHA at mga instruksyon ng tagagawa para sa ligtas na paggamit at mag-atas ng personal na pamprotektang kagamitan para sa mga produkto na panlinis.
- ❑ Ang mga manggagawa ay dapat na mayroong sapat na bentilasyon (daloy ng hangin) sa mga lugar kung saan sila nagdidisimpekta.
- ❑ Ang mga pasilidad sa kalinisan ay magagamit ng empleyado lamang. Siguruhin na ang mga pasilidad sa kalinisan ay nananatiling tumatakbo at patuloy na pinalalakas sa lahat ng oras. Magkaloob ng karagdagang sabon, mga tisyu, at hand sanitizer kapag kinakailangan. Mag-install ng hindi hinahawakang aparato, kung posible, kabilang ang mga motion sensor na lababo, mga dispenser ng sabon, mga dispenser ng sanitizer, at mga dispenser ng tuwalya ng papel.
- ❑ Siguruhin na ang mga basurahan ay regular na tinatanggalan ng laman.
- ❑ Ang mga tagapagtangkilik ay dapat na paalalahanan na magpanatili ng anim na talampakang distansya mula sa kawani ng janitorial o custodial. Magpatupad ng isang proseso na regular na titingin sa mga manggagawa para tiyakin na ang mga bisita ay sumusunod sa protokol na ito. Tiyakin na ang mga manggagawa ay nagagawang ibahagi ang nasabing impormasyon nang walang takot ng pagganti o paghihiganti.
- ❑ Kunin ang serbisyo ng ikatlong partido na kumpanya ng paglilinis para tumulong sa tumaas na pangangailangan ng paglilinis, kung kinakailangan.
- ❑ Isaalang-alang ang pagpapatupad ng isang sistema ng pag-check-out para sa mga tagapagtangkilik upang magamit ang anumang maliit na kagamitan at mga aksesorya (hal. mga goma sa pag-eehersisyo, mga lubid, sapin, roller ng foam, atbp). Magbuo ng isang proseso para linisin at disimpektahin ang mga item na ito sa sandaling isinauli.
- ❑ Ang mga kostumer ay hinihikayat na magdala ng kanilang sariling bote ng tubig. Hikayatin ang mga tagapagtangkilik na magdala ng kanilang sariling mga tuwalya at sapin at isaalang-alang ang hindi pagtanggap ng anumang pinagkakaloob ng pasilidad na mga tuwalya o mga produkto sa personal na kalinisan.
- ❑ Para sa anumang mga tuwalya, telang pamunas, o iba pang mga nilabahang bagay. Magbigay ng isang saradong lalagyan kung saan ang mga tagapagtangkilik ay maaaring ilagay ang mga nagamit na tuwalya o iba pang mga bagay. Siguruhin na ang mga bagay na yon ay hindi na muling magagamit hanggang wastong nalabahan alinman sa isang komersyal na serbisyo ng paglalaba o isang kaakibat na proseso ng paglalaba. Itabi ang lahat ng malilinis na tuwalya sa isang malinis at natatakpang lugar. Siguruhin ang mga manggagawa na nag-aasikaso ng maruruming tuwalya o mga labahin ay gumagamit ng guwantes.
    - Magkaroon ng isang miyembro ng kawani na magbibigay ng mga tuwalya o iba pang mga materyales sa sandaling hilingin kaysa sa magtakda ng isang lugar sa sariling pagsisilbi o self-serve.
- ❑ Ang mga gamit, kabilang ang mga magasin, libro, sariling pagsisilbi na mga estasyon ng tubig (maliban kung hindi kailangang hawakan), at iba pang mga bagay para sa mga tagapagtangkilik, ay dapat na tanggalin mula sa lahat ng mga lugar.
- ❑ Kapag namimili ng mga kemikal na panlinis, ang mga amo o employer ay dapat na gumamit ng mga produktong aprubado para sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa aprubadong listahan ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga instruksyon ng produkto. Gumamit ng mga pandisimpekta na may tatak ng pagiging epektibo laban sa mga lumalabas na viral pathogens, pinalabnaw na pangtahanang bleach solutions (5 kutsara kada galon ng tubig), o alkohol na solusyon na may hindi bababa sa 60% alkohol na naaangkop para sa ibabaw. Pagkalooban ang mga empleyado ng pagsasanay

sa mga direksyon ng tagagawa at mga kinakailangan ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit. Ang mga manggagawa na gumagamit ng mga panlinis o pandisimpekta ay dapat na magsuot ng guwantes at iba pang pamprotektang kagamitan gaya ng inaatas ng produkto, Sundin ang mas ligtas sa hika na mga pamamaraan ng paglilinis na inirerekomenda ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California.

- ❑ Isaalang-alang ang pagkakabit ng napakahuhusay na mga naglilinis ng hangin, pag-taas sa mga uri ng filter ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hanging galing sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo.
- ❑ Ang mga pampublikong banyo ay sarado.
- ❑ Ang hand sanitizer, mga tisyu at mga basurahan ay magagamit ng publiko sa espasyo ng establisyemento ng panlabas na gym/fitness. Isaalang-alang ang pagsasaayos ng isa man lamang na estasyon sa paghuhugas ng kamay na magagamit ng mga empleyado at mga tagapagtangkilik sa panlabas na espasyo.
- ❑ Opsyonal – Ilarawan ang iba pang mga hakbang (hal., nagkakaloob ng mga oras na para sa mga nakakatanda o senior lamang):

_____

D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito ay ipinaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad.
- ❑ Karatula sa pasukan at/o kung saan ang mga kostumer ay pumipila at sa mga lokasyon na kitang-kita na nag-aabiso sa mga empleyado at tagapagtangkilik tungkol sa limitasyon ng pag-ookupa, ang pagbabawal sa pagpasok sa pasilidad, mga kinakailangan para mapanatili ang panlipunang pagdistansya at ang mga pantakip ng mukha ay inaatas sa lahat ng oras, maliban sa mga palanguyan. Ang karatula ay dapat rin na balaan ang mga tagapagtangkilik tungkol sa hindi labis na pagpipilit ng mga sarili habang may suot na pantakip ng mukha at nag-eehersisyo..
- ❑ Ang mga bilihan o outlet sa online ng establisyemento (website, social media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa mga oras ng tindahan, kailangang paggamit ng mga pantakip sa mukha, limitadong pag-ookupa, mga patakaran tungkol sa pag-prebooking, pag-prepayment, at iba pang may kaugnayang mga isyu.

E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer/kliyente ay binigyang prayoridad.
- ❑ Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok nang malayuan (remotely) ay inilipat sa on-line.
- ❑ Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.
  - Isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga espesyal na oras na itinalaga para sa mga may mataas na panganib o medikal na bulnerableng populasyon, kabilang ang mga nakakatanda o senior, na ang pagpasok ay sa pamamagitan ng reserbasyon lamang.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng Negosyo: _____

Numero ng telepono: _____

Petsa na Huling Nirebisa: _____